# Ang Pinakamakapal na Tsinelas sa Balat ng Lupa

**Jov Almero**

TATLO SA APAT na kalaro ni Resty ay meron na nu'ng usong tsinelas. Sa tumbang preso, sila ang laging panalo. Mabigat kasi 'yong tsinelas. Kasingkapal ng benteng pinagpatong-patong na teks ang suwelas. Kapag sakto ang pagkakaitsa, hindi lang tumutumba ang bugbog-saradong lata. Tumitilapon din ito. Nang malayo-layo.

Maganda rin tingnan ang tsinelas kapag suot sa paa. Meron itong pulang ipit na gawa sa matigas na goma. Sapat na upang pagmukhaing kaaya-aya kahit na ang mga daliring mistulang mani o luyang bagong hugot sa lupa. Ang malusog na suwelas, mabisang pandagdag pulgada sa taas ng kahit na sinong bata. Maging 'yong mga salat sa kalsiyo't protina, o bansot kumbaga.

Gusto rin sana ni Resty ng usong tsinelas. Pero ang nanay niyang si Aling Tonya, bumibili lang ng bagong tsinelas kapag gapiso na ang butas sa suwelas ng suot niya. Wala pang butas ang kasulukuyang gamit ni Resty. Matagal-tagal niya na rin itong suot pero kahit gadiyes-sentimos na butas, wala. Ilang tumbang preso na ang nilaban nito. Ilang agawan base at taguan na ang tinakbo. Pero hanggang ngayon, kasingtikas pa rin ng tsinelas ni Resty ang malaking mamang bantay sa lumang sineng malapit sa bahay nila.

Sa katunayan, puwede pang tumagal ang tsinelas ng isang taon. Sa isang taong 'yon, hindi na uso 'yong bagong usong tsinelas.

Kasalanan din naman ni Resty kung bakit nasa matinong lagay pa ang kaniyang tsinelas. Masiyado niya kasi itong iningatan. Nu'ng bagong bili ito, isang buwan niya munang inalagaan bago suotin. Itinabi sa pagtulog, malapit sa kaniyang unan. Tuwing umaga, nakalapag sa mesa na parang hihigop din ng kape at kakain ng tinapay. Kung paano niya inaruga ang tsinelas, animo'y isang nanay na nagluwal ng sanggol galing sa kaniyang sinapupunan.

"Anong plano mo d'yan sa tsinelas mo?" tanong kay Resty ng tatay niyang si Mang Ador. "Pag-aaralin mo ba at nang maging doktor o abugado?" ang pabirong dagdag nito.

Nang tuluyan nang bumigay 'yong lumang tsinelas ni Resty, wala na siyang nagawa kundi isuot ang bago. Pero todo ingat pa rin siya rito. Sa mga araw na katatapos lang ng ulan, mas pinili niyang magyapak at madumihan ang paa kaysa 'yong tsinelas niya ang maputikan. Kaya sangkatutak na pansasabon ang nakuha niya sa nanay niyang si Aling Tonya. Kahit lupa ang sahig nila, ayaw na ayaw ni Aling Tonya ng maruming paa.

"Binilhan ka namin ng bagong tsinelas para gamitin, hindi para sambahin na parang santo," ang yamot na sabi sa kaniya ni Aling Tonya.

Nawalan lang si Resty ng paki sa kalagayan ng bago niyang tsinelas nang matuto siyang makipaglaro ng tumbang preso. Niyaya siya ng kapitbahay na si Goryo na sumali sa grupo nito.

Security guard ang tatay ni Goryo. Ang nanay niya naman, tindera ng kakanin sa palengke. Kasingtigas ng batuta ng tatay niya ang katawan ni Goryo. Laking bulgor at sinaing na mais daw kasi ito. Pero sa likod ng angking tikas at yabang ay singlambot ng mga paninda ng nanay niya ang kaniyang puso. Naawa si Goryo kay Resty minsang nakita nito ang huli na naglalaro nang mag-isa. Ipinakilala niya ang bagong ampong kaibigan sa mga lumang kalarong sina Nanding, Emman, at Turbo.

Dati, pareho-pareho pang maninipis ang suwelas ng mga tsinelas nila. At halos magkakasingbigat din. Kaya walang nagkakalamangan sa pagtumba ng lata. Pantay-pantay silang nagsisikap na hindi maging taya.

Dati, ang tanging dahilan ng pagkadehado ni Resty ay ang kaniyang edad. Ipinanganak siya noong 1986, siyang pinakabata sa grupo. Sa anim na taong iginugol niya sa ibabaw ng mundo, kulang pa ang kaalaman at karanasan niya sa pag-itsa ng tsinelas, pagtumba ng lata, at paghabol sa maliliksing kalaro.

Subalit, isa-isang nagkaroon nu'ng usong tsinelas ang mga kalaro ni Resty.

Una si Emman. Isang hapon ipinasikat nito sa mga kalaro ang makapal na tsinelas na galing pa raw sa tiyahin niya sa Maynila. 'Yon daw ang uso roon. Lahat daw ng mga bata sa dambuhalang lungsod, 'yon ang suot. Nagkakaubusan daw ng

tsinelas na iyon sa mga palengke dahil maraming gustong bumili. Kaya ngayon lang siya napadalahan ng tiyahin dahil isang buwan pa itong naghintay na magkaroon ng ganoong tsinelas ang kaniyang suking tindera. At nang sa wakas ay nagkaroon ng ganu'ng tsinelas ang kaniyang suki, kinailangan pa raw nitong pumila para sa isang pares nang pagkatagal-tagal na mistulang pumila siya sa bagong pelikula ni Sharon Cuneta. At nang sa wakas ay may naiuwing pares, labindalawang oras pa ang kinailangang igugol nu'ng tsinelas sa ilalim ng pampublikong bus na minamaneho ng kaniyang tiyuhin upang marating ang maliit nilang siyudad. Sinalubong ng nanay ni Emman sa terminal ng bus ang pares ng tsinelas alas-kuwatro ng umaga. Binati siya ng usong tsinelas ng magandang araw paggising niya.

Sunod naman si Turbo. Para bilhan din ng tsinelas na may makapal na suwelas ng magulang, hindi siya kumain ng dalawang araw. Dalawang araw niyang tiniis ang kaniyang gutom. Kahit paborito niya ang nakahandang ulam, buong tapang siyang umiling sa hapag kainan. Noong unang araw ng pagwelga ni Turbo para sa isang pares nu'ng usong tsinelas, tinawanan lang siya ng mga magulang at nakatatandang kapatid. Akala nila, magugutom din siya at bibigay. Pero hindi siya bumigay. Gabi ng pangalawang araw ng welga, maputla na ang kaniyang mukha. Matamlay na ang kilos. Kinabahan na ang nanay at tatay ni Turbo. Tsinelas o ospital. Mas mapamamahal nga naman sila kung kailanganing ipagamot sa doktor ang anak. Kinaumagahan ay dumiretso ang nanay ni Turbo sa palengke. Dala na nito ang usong tsinelas pag-uwi. Nakapatong sa hapag kainan ang bagong biling tsinelas nang kumain si Turbo ng agahang noodles at pandesal. Sa isip niya, sulit iyong ginawa niyang pagwelga. Walang kasinggara 'yong tsinelas na nakabalandra sa harap niya. At walang kasingsarap 'yong mainit na noodles at sariwang pandesal sa bibig at lalamunan niyang hindi ngumuya't lumunok ng dalawang araw.

Ikatlong nagkaroon nu'ng usong tsinelas si Nanding. Pero nang dumating siya sa bakanteng loteng katabi ng lumang sine, kung saan sila naglalaro ng tumbang preso, pinagtawanan siya ng buong grupo. 'Yong tsinelas niya kasi ay mas mahaba sa paa niya nang halos dalawang pulgada. Ang rason daw ng tatay niya, sa edad na siyam na taong gulang, mabilis lumaki ang bata. Nanigurado ang tatay ni Nanding na maisusuot ng anak ang usong tsinelas sa mahabang panahon. Naniguradong hindi mapag-iiwanan ng mga paa ni Nanding ang pares ng tsinelas bago pa man mapudpod ang makapal nitong suwelas. Tuwing suot ni Nanding 'yong usong tsinelas, mistula siyang nakasakay sa barkong walang bagyo't alon ang kayang magpalubog.

Hanggang si Resty at Goryo na lang ang manipis pa rin ang suwelas ng di usong tsinelas. Buti si Goryo, natural na magaling sa tumbang preso. Parang ipinanganak siya sa mundong ibabaw upang maglaro ng tumbang preso. Nu'ng nagpasabog ang

demonyo ng galing sa tumbang preso, gising na gising si Goryo. Sinalo niya ang biyaya nang buong-buo.

Nahanapan ng paraan ni Goryo kung paano makasabay sa bigating pamato ng mga kalaro. Bihasa kasi siya sa pag-anggulo ng gaipo-ipo niyang mga hagis. Hindi lang niya basta iniitsa ang kaniyang tsinelas. Tinitiyak niya na matatamaan ’yong lata sa parte kung saan sigurado itong tutumba. Kadalasan, tumitilapon pa. Bihirang magmintis ang dalubhasa sa tumbang presong si Goryo.

Si Resty naman, manipis na nga ang suwelas ng tsinelas, manipis pa ang mga braso’t bisig. Lampayatot kumbaga. Kaya lagi siyang taya. Kung dati nu’ng pare-parehong bigat at kapal pa ang mga tsinelas nila ay hirap na siyang makipagsabayan sa mga kalarong mas nakatatanda sa kaniya, ngayon ay tuluyan na siyang napag-iwanan. Sa dalawang oras ng tumbang preso, madalas isa’t kalahating oras na si Resty ang taya.

Buti na lang palaban si Resty. Ramdam niya man ang pagkairita sa paulit-ulit na pagiging taya, buong sikap niyang hindi ipinahalata ang pagkadismaya sa mga kalaro. Alam niyang lalo lang siyang aasarin ng mga ito kung ipakita niya ang labis na inis. Imbes na mayamot ay pinilit niyang masiyahan sa pagiging taya. Nakangiti siyang nagbantay ng nakatayong lata, nakangiting nagdampot ng latang tumilapon o natumba. Tumatawa niyang hinabol ang nagtitiliang mga kalaro na panay ang bitaw ng samot-saring tukso.

Ngunit may hangganan din ang pagkukunwari at pasensiya, lalo na ng anim na taong gulang na bata.

Nang hindi na matiis ni Resty ang naging kapalaran sa tumbang preso dahil sa manipis niyang tsinelas, kinausap niya na ang kaniyang tatay. Nangyari ang pag-uusap isang araw bago bumalik si Mang Ador sa pinagtatrabahuhang konstruksiyon. Humingi si Resty sa ama ng usong tsinelas nang walang paligoy-ligoy. Nangako siyang aalagaan ito. Nangakong tatagal sa kaniya ang usong tsinelas hanggang siya ay tumanda.

Natawa si Mang Ador sa pakiusap at pangako ni Resty.

“Hindi na ba lalaki ang paa mo?” tanong nito sa anak.

“Kapag lumaki ang paa ko, ibibigay ko na lang ’yong tsinelas sa magiging kapatid ko,” sagot ni Resty.

“Sigurado ka bang magbubuntis pa ang nanay mo?” tanong ni Mang Ador.

Nang marinig ni Aling Tonya ang usapan ng mag-ama, umiling-iling ito. Kinuha niya ang tsinelas sa paa ni Resty at ipinakita ito sa asawa.

“Matino pa ang tsinelas niyan,” ang sabi ni Aling Tonya.

“Matino pero hindi uso,” ang pabulong na sagot ni Resty na handa nang sumabog na parang pigsang hinog sa hinanakit. “Lagi na lang akong talo sa tumbang preso,” dagdag niya.

Naawa kay Resty si Mang Ador. Si Mang Ador na bihasa na sa paulit-ulit na pagkatalo. Si Mang Ador na matagal nang nawala ang salitang tagumpay sa pansariling diksiyonaryo. Bukod sa awa, humanga rin siya sa tatag ng anak. Si Resty na kahit sinok na nang sinok sa sama ng loob ay hindi nagpakawala ng kahit na isang tulo ng luha.

Pinangakuan ni Mang Ador ang anak ng pinakamakapal na tsinelas sa balat ng lupa.

Pero dahil lingguhan ang uwi ni Mang Ador galing sa trabaho, isang linggo pa ang hihintayin ni Resty para sa bago niyang tsinelas. Ayaw niya nang maging taya ng isa pang linggo. Nasaid na ang kaniyang pasensiya. Napudpod na ang pagkukunwari. Alam niyang isang oras pa ng pagiging taya ay tiyak na mapapaaway na siya. Ayaw niyang umuwi kay Aling Tonya na puro galos ang tuhod at duguan ang mukha.

Minsan, umuwi ang tatay ni Resty mula sa construction site na puro galos ang katawan at duguan ang mukha. Pagkakita ni Aling Tonya sa asawa, muntik itong himatayin. Subalit sinikap nitong hindi matumba at nang maakay ang asawa papasok ng bahay, nilinis ni Aling Tonya ang mga sugat ni Mang Ador. Tinanong kung anong nangyari. Aniya ni Mang Ador, napaaway siya sa trabaho. Nakapikunan ang kasamang tagahalo rin ng semento.

Ipinakita raw ni Mang Ador ang retrato ni Aling Tonya sa katrabaho. Tawang-tawa raw ito.

"Asawa mo 'yan?" tanong ng katrabaho ni Mang Ador.

"Oo," sagot ng huli.

"'Di nga?" tanong ng katrabaho.

"Oo nga," panigurado ni Mang Ador.

"Sa itsura mong 'yan?" ang insultong sagot ng katrabaho.

Inakusahan si Mang Ador ng panloloko ng di makapaniwala niyang katrabaho. Ang ganda raw ng babae sa retrato para maging misis niya ito. Kung misis nga raw talaga niya ang babae, marahil ay may nangyaring panggagayuma. O mabisang mahika.

Sinuntok ni Mang Ador ang katrabaho at kalahating oras silang nagbuno. Lingid sa alam ni Mang Ador, nagsasanay na maging boksingero ang katrabaho. Kaya ang kinahantungan, siya ang napuruhan nito.

"Huwag mong tularan ang tatay mo," ang paalala ni Aling Tonya sa anak nang sa wakas ay nakatulog na ang sugatang si Mang Ador. "Walang napapala ang basagulero," dagdag nito.

Sa manipis at di uso niyang tsinelas, alam ni Resty na delikado siyang maging basagulero kung ituloy ang pakikipaglaro ng tumbang preso sa mga kapitbahay na

kargado at sa dalubhasang si Goryo. Buti na lang ay maulan nu'ng mga sumunod na araw. Imbes na magtumbang preso, tumambay na lang sina Resty sa bahay nina Emman. Ilang hapon silang nagbabad sa harap ng TV. Mas gusto na ito ni Resty. Mas maigi na sa kaniyang umupo sa malambot na sopa nina Emman habang sa labas ay malakas ang buhos ng ulan kaysa maghabol ng lata at nagkakantiyawang kalaro sa ilalim ng tirik na araw.

Isa pa, palaging may handang masarap na meryenda ang nanay ni Emman na si Aling Gloria.

Hindi kailangan ng espesyal na okasyon para sa espesyal na meryenda sa bahay nina Emman. Ito na ang kanilang nakasanayan. Araw-araw.

Sa bahay ni Aling Gloria, hindi puwedeng biskuwit lang ang meryenda. O tinapay lang. Dapat biskuwit at juice. O tinapay at soft drinks. Dapat laging pareha. At di nagkakapareho sa magkasunod na araw. Ang problema lang sa ale, masyado itong maselan. Maraming panuntunan sa bahay ni Aling Gloria. At lahat ay sakop ng mga patakaran niya.

Hindi ka puwedeng makinood ng TV kung wala ka pang ligo. At alam ng nanay ni Emman kung wala ka pang ligo. Isang araw, sa pagmamadali ni Resty na pumanhik kina Emman upang makinood ng cartoons, nakalimutan nitong maligo. Habang nakaupo siya sa sala kasama ng buong grupo, nag-aabang sa paborito nilang programa, at sa ihahaing meryenda, napansin siya ni Aling Gloria.

"Naligo ka na?" ang tanong kay Resty ni Aling Gloria.

Magsisinungaling sana si Resty pero naunahan siya ng kaba. Bukod sa kaba, alam na din naman ni Resty na alam na ng ale ang sagot sa kaniyang tanong bago niya pa ito bitawan.

"Maliligo po sana ako pero . . ." ang pautal-utal na sagot ni Resty.

"Umuwi ka muna," ang mabilis na tugon ni Aling Gloria.

Umuwi sa kanilang bahay si Resty. Pero hindi pa rin siya naligo dahil ayaw niyang matagalan at makabalik kina Emman na nagsimula na ang pinakaaabangang programa. Binasa lang ni Resty ang buhok niya at nagpalit ng malinis na sando. Nagmamadali siyang sumugod pabalik kina Emman. Nakabantay na si Aling Gloria sa may pintuan. Inamoy siya nito at muling pinauwi upang maligo nang totohanan.

Umuwi uli si Resty sa kanilang bahay. Naligo siya nang totohanan. Nagbuhos siya ng totohanang tubig sa buong katawan. Sinabon niya ang mukha, singit, mga braso't paa ng totohanang sabon at paspasang nagbanlaw. Nagbihis siya at mabilis na sumugod muli pabalik kina Emman. Nangalahati na 'yong programang buong araw niyang inabangan.

Bawal din ang magmura sa bahay ni Aling Gloria. Dito naman palaging napasusubo si Goryo. Kasi naman ay mahilig siyang magpakawala ng malulutong na *hayop* at *puta* at kung ano-ano pa. Kapag napasasarap ang panonood ni Goryo at nadadala sa mga eksena, siya namang pag-arangkada ng ayon kay Aling Gloria ay mala-imburnal nitong bunganga. Dahil ilang beses nang napagsabihan, at ilang beses na rin napauwi, pabulong na lang kung magmura si Goryo tuwing nasa sala ni Aling Gloria. 'Yon nga lang, minsan ay mala-bionic ang tenga ng ale. May mga pagkakataong dinig niya ang mga *hayop* at *puta* ni Goryo kahit nasa kusina, habang naghahanda ng meryenda.

Isang hapon, sinamahan ni Aling Gloria si Goryo pauwi sa kanilang bahay upang isumbong sa kaniyang nanay. Ang kinahantungan, si Aling Gloria at 'yong nanay ni Goryo ang nag-away.

Ang nanay ni Goryo, mistulang ipinanganak sa mundong ibabaw para makipagbulyawan. Kung gaano kagaling si Goryo sa tumbang preso, ganu'n din kagaling ang nanay niya sa pakikipagdakdakan.

Malakas man ang volume ng TV nina Emman, hindi iyon sapat upang takpan ang umalingawngaw na boses ng nanay ni Goryo. Di kalaunan ay nakiusyoso na rin ang grupo nina Resty sa kung ano'ng nagyayari sa labas. Iniwan nila ang pinapanood upang sundan ang pinanggagalingan ng ingay.

"Sabunin mo ang mala-imburnal na bibig ng anak mo," ang mahinahong sabi ni Aling Gloria sa nanay ni Goryo.

"Hoy, Gloria, mas malinis pa ang mala-imburnal na bibig ng anak ko kaysa sa budhi mo," ang pasigaw na sagot ng nanay ni Goryo.

Dito na pinakawalan ni Aling Gloria ang natatago niya ring talento sa pakikipagbuno gamit ang matalim na dila at mapanugat na bokabularyo at tuluyang nakipagsigawan sa nanay ni Goryo.

Si Emman, mabilis na tinalikuran ang away. Agad siyang naglakad palayo nang makitang ang nanay niya ang siyang kasali sa bulyawan, at di hamak na dehado ang bunganga sa kaniyang kasagutan. Buong araw na hindi nagpakita si Emman sa mga kalaro.

Pinagpiyestahan ng magkakapitbahay ang away. Tumagal ito ng halos dalawang oras. Dalawang oras ng sigawan. Mas maingay pa sa kantiyawan nina Resty tuwing naglalaro sila ng tumbang preso. At di hamak na mas masayang panoorin kaysa sa away sa mga dramang pantelebisyon. Humantong ang away sa harap ng kapitan na pilit pinagbati ang nag-umpugang ale. Wala sa kanilang pumayag na makipagkamay.

Pinagbawalan si Goryo ng kaniyang nanay na pumanhik kina Emman. Kaya sa mga maulang hapon na 'yon, nu'ng linggong inaantay ni Resty ang ipinangakong usong tsinelas ng kaniyang tatay, absent si Goryo sa sala nina Emman.

Isa pang ipinagbabawal ni Aling Gloria ang pagtira ng pagkain. Kung ano ang hinanda niyang meryenda para sa anak at mga kaibigan nito, dapat maubos. Dito palaging nagkakaproblema si Turbo.

Siyam na taong gulang na si Turbo pero halos kasinglaki lang siya ni Resty. Sakitin kasi ito. Nu'ng dalawang taong gulang si Turbo, naospital siya at kinailangang tusukan ng mahahabang tubong nakakabit sa iba't ibang makina. 'Yon daw ang naging simula ng paghihirap ng pamilya nila. At siya ring dahilan kung bakit tinawag na Turbo si Turbo at kung bakit madalas ay wala siyang gana kahit sa harap ng pinakamasasarap na pagkain sa ibabaw ng lupa. Kung si Resty ay namimilog ang mata sa gana sa harap ng piniritong manok o hotdog, si Turbo, walang reaksiyon kahit latagan mo pa ng buo at nangingintab na letson.

Dati, naghanda ng sopas si Aling Gloria para sa anak at sa mga kalaro nito. Samantalang si Resty ay mabilis na nasimot ang laman ng kaniyang mangkok at humirit pa ng dagdag na sabaw, si Turbo, hirap na hirap sa pag-ubos sa kaniyang sopas. Panay ang buntonghininga nito. Nanigas ang dila at buong katawan. Nagsitayuan ang mga balahibo. Mula ulo hanggang paa'ng pinagpawisan. Di nagtagal, huminto na rin siya sa pagsubo. Nang mapansin ni Aling Gloria na tuluyan nang sumuko si Turbo sa kalabang sopas, pinaringgan niya ang walang ganang bata.

"Libre na nga 'yong pagkain, hindi pa ubusin," ang pasaring ni Aling Gloria.

Napilitan si Turbong ubusin 'yong sopas. Pagkalipas ng kalahating oras, nasuka siya sa gitna ng sala, sa makintab na sahig ni Aling Gloria. Simula noon ay mas konti na ang hinahandang meryenda ni Aling Gloria para sa kaniya. Si Aling Gloria rin kasi ang nahirapang maglinis ng idinuwal ni Turbo galing sa humilab nitong sikmura.

Higit sa lahat, bawal ang tsinelas sa sementadong sahig nina Aling Gloria. Kailangan itong iwan sa labas ng pintuan. Paliwanag ni Emman, ito raw ang natutuhan ng kaniyang nanay nang nagtrabaho ito ng anim na taon sa Saudi. Bagay na hindi sanay si Resty. Sa bahay nilang may sahig na lupa, hanggang sa loob nila suot ang kani-kaniyang tsinelas.

Kapag nasa sala nina Emman ang grupo, santambak ang tsinelas sa bungad ng bahay nito. Bukod sa tsinelas ng mga batang bisita, andun din ang mga tsinelas ng buong pamilya ni Emman. 'Yong tsinelas na katad ng tatay at kuya niya. 'Yong alpombra ng lola niya. 'Yong abakang tsinelas ng kapatid niyang dalaga at ni Aling Gloria.

Sa ikaapat na araw ng malakas na ulan, ikaapat na araw ng pagtambay ng grupo kina Emman, bigla na lang nagsisigaw si Nanding. Maaga itong nagpaalam sa mga kaibigan at kay Aling Gloria. Maggagabi na at wala raw kasama sa bahay ang lolo niya. Siya raw ang nakatokang magsaing para sa panghapunan nila.

Paglabas ni Nanding ng pinto, wala nang kapares ang tsinelas niya. Isa na lang ang natira. 'Yong pangkaliwang paa.

Namutla ang mukha ni Nanding. Nagpawis ang kaniyang ilong. Mangiyak-ngiyak niyang inanunsiyo sa mga kalaro na nawawala ang kalahati ng uso niyang tsinelas.

Nagtulong-tulong ang magkakaibigang hanapin ang nawawalang kanang tsinelas ni Nanding, puwera kay Turbo. Isinabay nila ang paghahanap sa pagpaligo sa ulan na pinahintulutan ni Aling Gloria. Pinahintulutan niya ito sa isang kondisiyon: hindi puwedeng sumali ang sakiting si Turbo. Ayaw niya raw masisi ng mga magulang ni Turbo sakaling datnan ito ng trangkaso.

Sinuyod nina Resty, Emman, at Nanding ang bungad ng bahay ni Aling Gloria. Sinipat nila ang kasulok-sulukang parte nito. Pati na ang bungad ng mga katabing bahay. Pero wala silang nakita. Pumunta sila sa isang kapitbahay na may maraming aso. Naisip nilang baka itinangay ng isa sa mga asong iyon ang kalahating tsinelas ni Nanding. Imbes na tsinelas, sermon ang nakuha nila galing sa kapitbahay. Pasigaw na sinabi ng matanda na walang magnanakaw sa mga alaga niya.

Itinigil ng magkakaibigan ang paghahanap pagkatapos ng isang oras, sabay sa pansamantalang paghinto ng ulan. Nasuyod na nila lahat ng puwedeng mapuntahan nu'ng tsinelas pero wala silang nakita. Umuwing umiiyak at nakayapak si Nanding, bitbit ang kaliwang tsinelas sa kanang kamay.

Pagsapit ng Sabado ay tuluyan nang tumila ang ilang araw na pag-ulan. May isang pares na nu'ng usong tsinelas si Resty. Pagdating ng tatay niya, niloko pa siya nito. Kunyari ay nakalimutan ang ipinangako sa anak. Kunyari ay walang dalang tsinelas. Nang kunot na ang mukha ni Resty na parang mukha ni Aguinaldo sa limang pisong papel na matagal itinago sa bulsa, nagtawanan sina Mang Ador at Aling Tonya.

Dahan-dahang inilabas ni Mang Ador galing sa kaniyang bag ang pinakamakapal na tsinelas sa balat ng lupa. Halos lumuwa ang mata ni Resty pagkakita sa usong tsinelas na kasing-itim ng gulong ang suwelas at kasingpula ng makopa ang ipit. Pagsukat niya sa pasalubong ng ama, saktong-sakto ito sa kaniyang mga paa.

Paikot-ikot na naglakad sa bahay nilang may sahig na lupa si Resty. Sabi ng tatay niya, kailangan niyang gawin 'yon para masanay ang mga paa sa bago at uso niyang tsinelas. Para rin masanay ang bago at usong tsinelas sa mga paa niya. Kailangan niyang gawin 'yon para sa unang labas niya ng bahay na suot ang bago at usong tsinelas, hindi siya maiilang sa paglakad, at hindi siya tutuksuhin ng mga kalaro.

Suot ni Resty hanggang matulog ang tsinelas. Nang magising siyang wala na ang tsinelas sa paa, napasigaw siya at mabilis na lumapit sa kaniya si Aling Tonya.

"Anong nangyari sa'yo?" tanong ni Aling Tonya.

"'Yong tsinelas ko?" tanong ni Resty.

"Akala ko binangungot ka na," sagot ni Aling Tonya.

"Nay, 'yong tsinelas?" tanong uli ni Resty na puno pa ng muta ang mga mata.

Kinuha ni Aling Tonya ang tsinelas na itinabi niya habang tulog ang anak. Huminga nang malalim si Resty.

"'Sa'n ka nakakitang tulog na nakatsinelas?" tanong ni Aling Tonya sa anak.

Nagkita-kita sa bakanteng lote na katabi ng lumang sinehan ang magkakaibigan upang maglaro ng tumbang preso. Masaya ang lahat para kay Resty at sa bagong tsinelas nito, puwera kay Goryo. Si Goryo na lang sa grupo ang walang tsinelas na may makapal na suwelas. Si Nanding, bagama'y ibang tsinelas na ang suot sa paa, bitbit pa rin ang natirang kalahati ng uso niyang tsinelas. Dala niya ito para pamato.

Nagsimula ang laro sa maiba taya at si Turbo ang naiba at siyang unang naging taya. Sa mga panimulang hagis ni Resty, hirap pa siya sa pagkontrol sa bago at mabigat niyang tsinelas. Pero hindi nagtagal ay natantiya niya rin ang tamang pag-itsa. Ang tamang anggulo. Ang tamang puwersa.

Nagsimula ang tuloy-tuloy na pagkatalo ni Goryo.

Sa usong tsinelas nina Resty, Nanding, Emman, at Turbo, walang binatbat ang lumang tsinelas ni Goryo. Kahit anong gawin niyang diskarte, hindi siya makasabay. Sa unang pagkakataon, hindi umubra ang angkin niyang galing sa pagtumba ng lata. Sa kaniyang unsiyami, tuwing hindi siya ang taya, hindi niya na rin makuhang isalba ang pamato niyang tsinelas sa pabilog na bakod ng lata. Sa dalawang oras na paglalaro, halos dalawang oras ding naging tagahabol ng tumilapong lata si Goryo.

Nang mapagod ang grupo sa paglalaro, naisip nilang pumunta kina Emman upang magpahinga at magmeryenda. Tinanong ni Goryo si Emman kung puwede siyang sumama. Sumagot si Emman ng *oo*. Paliwanag niya ay hindi naman galit kay Goryo si Aling Gloria. Sa katunayan, ang sabi raw ng nanay niya, hindi sila dapat sumali sa away ng mga matatanda. Si Turbo, tinanong si Emman kung ano ang meryenda. Sumagot si Emman na *wala* para hindi ito mag-atubiling sumama. Si Nanding naman ay naunang umuwi. Hindi raw siya nakapagpaalam sa kaniyang nanay at ayaw niyang mapagalitan.

Naglakad ang apat papunta sa bahay nina Emman. Sa bungad ng bahay, tinanggal ng magkakaibigan ang kani-kaniyang tsinelas at pumasok sa pintuan, puwera kay Resty.

"Ayaw mong pumasok?" tanong ni Emman kay Resty.

Itinuro ni Resty ang bago at uso niyang tsinelas na tila ayaw mawalay sa kaniyang mga paa.

"Dalhin mo na lang sa loob, huwag mo lang suotin," ang sabi ni Emman kay Resty, na agad namang sinunod ng huli.

Hawak ni Resty ang tsinelas habang nanonood ng TV. Di kalaunan, lumabas si Aling Gloria galing sa kusina na may dalang meryenda. Banana cue at iced tea ang kaniyang ihinanda. Pagkakita sa pagkain, napalunok sa takot si Turbo. Si Goryo at Resty naman, napalunok sa takam.

Napansin ni Aling Gloria ang hawak na tsinelas ni Resty.

"Bawal ang tsinelas sa loob ng bahay," paalala ni Aling Gloria.

"Hawak niya naman, hindi suot," sabat ni Emman sa kaniyang nanay.

"Nasa loob pa rin ng bahay," sagot ni Aling Gloria. "Kesyo hawak o suot, ang bawal, bawal," dagdag nito.

Napatingin si Resty kay Emman at kay Aling Gloria, kay Turbo at kay Goryo. Walang pag-aatubili siyang tumayo. Sa labas ng pintuan, inilapag ni Resty ang bago at uso niyang tsinelas. Isinuot niya ito. Nagpaalam siya kina Aling Gloria at sa mga kaibigan. Lumakad siya pauwi ng bahay, may bigat ang mga hakbang.